FREQUENTLY ASKED QUESTIONS O MGA MADALAS NA MAITANONG (FAQs)
2024 SUN BUCKS (SUMMER EBT)

1. Ano ang programangSUN Bucks? Ang Summer EBT, na tinatatakan bilang SUN Bucks, ay isang bago at permanenteng programa upang magkaloob ng mga benepisyo sa mga sambahayan na may mga kabataang nasa paaralan upang makabili ng pagkain sa panahon ng tag-araw. Makakatanggap ang mga sambahayan ng $177 para sa bawat kwalipikadong bata, na gagastusin sa mga buwan ng tag-init. Ang pagiging karapat-dapat ay dapat na italaga nang taun-taon.

2. Paano pinopondohan ang SUN Bucks? Ang SUN Bucks ay pinopondohan ng State of Hawaii at ng United States Department of Agriculture (USDA).

3. Ang SUN Bucks ba ay ang kapareho din ba ng Pandemic EBT (P-EBT)? Hindi, ang programang P-EBT ay isang programa na nilalayong tulungan ang mga pamilya sa panahon ng COVID-19 pandemic. Nag-issue kamakailan lamang ang P-EBT ng mga benepisyo para sa Tag-init ng 2023 at mula noon ay nagtapos na.

   Ang SUN Bucks ay isang bagong programa na tumutulong sa mga pamilya na makakuha ng mga masusustansyang pagkain sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga benepisyo upang makabili ng mga grocery sa tag-araw. Ang ilang mga mag-aaral na karapat-dapat para sa P-EBT ay hindi na magiging karapat-dapat para sa SUN Bucks. Hindi tulad ng P-EBT, ang ilang mga pamilya ay kailangang mag-apply para sa programang SUN Bucks. Maraming mag-aaral ang awtomatikong maaaprubahan para dito.

4. Sino ang awtomatikong kwalipikado (walang aplikasyon ang kinakailangan) para sa SUN Bucks? Ang mga batang nasa paaralan ay awtomatikong karapat-dapat para sa SUN Bucks kung:

   - Ang bata ay nasa isang sambahayan na lumahok sa Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) o sa Temporary Assistance for Needy Families (TANF) sa anumang buwan mula July 1, 2023 hanggang August 4, 2024; o
   - Ang bata ay nakilala bilang isang ward ng estado (foster child), o kinilkiala ng kanilang paaralan bilang isang homeless, migrant, o runaway; o
   - Ang bata ay nag-aral sa isang paaralan na nag-aalok ng National School Lunch Program (NSLP), at ang sambahayan ay nag-apply at naaprubahan para sa libre o pinababang presyo ng mga pagkain sa paaralan.
   - Ang eksempsyon sa school-aged requirement ay Head Start at/o iba pang mga pre-K na mag-aaral na dumalo sa isang programa na lumahok sa NSLP sa kanilang NSLP kalahok na paaralan.

5. Sino ang kailangang kumpletuhin ang aplikasyon na SUN Bucks? Ang mga sumusunod na sambahayan ay kailangang kumpletuhin angSUN Bucks na aplikasyon simula July 5, 2024 hanggang August 4, 2024:

   - Ang mga sambahayan na may mga anak na nag-aaral sa isang paaralan na nagpapatakbo ng Community Eligibility Provision (CEP) kung saan ang lahat ng pagkain ay libre sa lahat ng mga mag-aaral, na hindi nag-apply o hindi naaprubahan para sa libre o pinababang presyo ng mga pagkain sa paaralan at may kinikita ang

FREQUENTLY ASKED QUESTIONS O MGA MADALAS NA MAITANONG (FAQs)
2024 SUN BUCKS (SUMMER EBT)

sambahayan na nasa o mas mababa sa mga limitasyon ng Federal Income Eligibility Guidelines (tingnan ang chart sa ibaba).

- Mga sambahayan na may mga anak na pumapasok sa isang paaralan na nagpapatakbo ng NSLP na hindi naaprubahan para sa mga libre o pinababang pagkain sa taon ng pag-aaral ngunit maaaring maging karapat-dapat ngayon dahil ang kinikita ng kanilang sambahayan ay bumaba sa o mas mababa sa mga limitasyon ng Federal Income Eligibility Guidelines (tingnan ang chart sa ibaba).

FEDERAL INCOME ELIGIBILITY GUIDELINES EFFECTIVE JULY 1, 2024

Household Size	Yearly	Monthly	Weekly		Household Size	Yearly	Monthly	Weekly
1	$ 32,024	$ 2,669	$ 616		5	$ 77,830	$ 6,486	$ 1,497
2	$ 43,475	$ 3,623	$ 837		6	$ 89,281	$ 7,441	$ 1,717
3	$ 54,927	$ 4,578	$ 1,057		7	$ 100,733	$ 8,395	$ 1,938
4	$ 66,378	$ 5,532	$ 1,277		8	$ 112,184	$ 9,349	$ 2,158
	For **each** additional person:					$ 11,452	$ 955	$ 221

6. Ano ang kahulugan ng isang school-aged? Ang isang kabataan na malapit na sa edad na hindi bababa sa anim na taon, at hindi darating sa edad na labingwalong taon sa o bago. December 31 ng anumang school year o taon sa pag-aaral.

7. Homeschooled ang anak ko, makatatanggap ba kami ng SUN Bucks? Mga pamilyang homeschool na tumatanggap o nakatanggap ng SNAPo ng TANF sa anumang buwan mula sa July 1, 2023 hanggang August 4, 2024, o may isang foster na kabataan ay karapat-dapat na makatanggap ng benepisyong ito. Dapat kumpletuhin ng mga interesadong pamilya ang aplikasyong ito at italaga ang kanilang katayuang foster. Pagkatapos ay susuriin ang aplikasyon upang matukoy ang pagiging karapat-dapat. Ang isang aplikasyon ay hindi na kailangan para sa SNAP at sa TANF na sambahayan, mangyaring tingnan ang item 3 sa itaas. Ang mga sambahayan sa nag-homeschool ay hindi maaaring maging kwalipikado para sa SUN Bucks gamit ang kinikita ng sambahayan.

8. Gaano kadaming SUN Bucks ang aking matatanggap? Mag-iissue ang SUN Bucks bilang isang $177 na lump sum kada bawat karapat-dapat na bata para sa panahon ng tag-init. Ang halagang ito ay inilaan upang tumulong sa mga grocery para sa buong tag-araw.

9. Kailan ko matatanggap ang SUN Bucks EBT na card? Para sa mga bata na awtomatikong kwalipikado, (tingnan ang item 4 sa itaas) ang card ng SUN Bucks EBT na may $177 na benepisyong na-load na ay ipapadala ng aming mainland vendor, FIS, simula July 16 sa pamamagitan ng USPS. Dapat asahan ng mga sambahayan na maaaring tumagal ito ng 1-2 linggo para sa paghahatid. Ginagamit namin ang mailing address batay sa mga record ng paaralan ng kabataan, o ang mailing address ng sambahayan ayon sa kanilang SNAP o TANF na kaso kung ang impormasyon sa talaan ng paaralan ay hindi available. Kung naniniwala ang mga pamilya na maaaring mayroon kaming maling impormasyon sa pag-mail, dapat silang makipag-ugnayan sa **SUN Bucks Customer Service toll-free at 1-888-975-SEBT(7328)** upang ulat ang kanilang pagbabago ng address.

FREQUENTLY ASKED QUESTIONS O MGA MADALAS NA MAITANONG (FAQs)
2024 SUN BUCKS (SUMMER EBT)

Para sa mga sambahayan na nalalapat (tingnan ang item 5 sa itaas) at natukoy na karapat-dapat, ang SUN Bucks EBT card na may $177 na mga benepisyong na-load na ay ipapadala sa pamamagitan ng koreo USPS ng aming mainland na vendor, FIS, simula July 17 at pagkatapos noon sa susunod na araw ng negosyo pagkatapos matukoy ang pagiging karapat-dapat para sa mga kasunod na aplikasyon na natanggap at naaprubahan sa pagsapit ng August 4. Dapat asahan ng mga sambahayan na maaaring tumagal ito ng 1-2 linggo para sa paghahatid.

Kung ang iyong anak ay isang foster na kabataan, ang mga card ay ipapadala sa isang sentral na Child Welfare na tanggapan sa Oahu una at dadalhin muna sa nararapat na Child Welfare na tanggapan na nag-seserbisyo sa isang foster kabataan pagkatapos para ipamahagi.

10. Saan ko magagamit ang SUN Bucks at kung ano ang mabibili nito? Magagamit ang SUN Bucks saanman na ang mga benepisyo ng EBT ay tinatanngap. Ang mga benepisyo ay maaari lamang gamitin sa pagbili ng pagkain. Ang mga tindahan ay hindi maaaring magbigay ng sukli o cash back mula sa isang transaksyon sa benepisyo sa pagkain. Ang eksaktong halaga lamang ng mga biniling pagkain ang maaaring ibawas sa account ng benepisyo sa pagkain. Kung ang mga return ay ginawa mula sa isang SNAP na account, ang halaga ng return ay mapupunta sa EBT na card bilang isang credit. Ang salapi ay hindi maaaring ibigay para sa isang return ayon sa federal law. Walang pinakamababang halaga ng dolyar bawat transaksyon o maximum na limitasyon sa bilang ng mga transaksyon.

Para sa isang listahan ng SNAP-na mga karapat-dapat na pagkain, tingnan ang www.fns.usda.gov/snap/eligible-food-items. Ang SUN Bucks maaari ding gamitin sa programang Da Bux.

11. Anong mga pagbili ang hindi pinapayagan ng SUN Bucks? Ang mga sumusunod ay mga produkto na hindi maaaring bayaran para sa paggamit ng SUN Bucks:

- Maiinit na pagkain
- Serbesa/alak/iba pang inuming may alkohol
- Mga sigarilyo/cigar/iba pang produktong tabako
- Gasolina
- Pagkain ng aso/pagkain ng pusa/iba pang pagkain ng alagang hayop
- Mga bitamina/gamot

Dagdag pa, anumang hindi awtorisadong paggamit, paglilipat, pagbabago, pagmamay-ari, o pagtatanghal ng SUN Bucks na benepisyo o kard ay maaaring isailalim sa pag-uusig bilang isang federal na pagkakasala.

12. Kailang lilipas ang SUN Bucks? Mag-e-expire ang mga hindi nagamit na benepisyo ng 122 araw pagkatapos ng petsa na maibigay ang mga benepisyo. Mangyaring gamitin ang benepisyo sa loob ng panahong iyon. Kapag nag-expire na, hindi na mai-rereload ang benepisyo.

13. Paano matatanggap ng aking anak ang SUN Bucks na card kung nahahati ang kustodiya sa pagitan ng dalawang sambahayan? Ang benepisyo ng SUN Buck ay para sa kabataan; ang

FREQUENTLY ASKED QUESTIONS O MGA MADALAS NA MAITANONG (FAQs)
2024 SUN BUCKS (SUMMER EBT)

SUN Bucks EBT card ay na-iissue sa pangalan ng bata at nilalayong maglakbay kasama ang bata sa pagitan ng mga kabahayan. Ang card ng kabataan na SUN Bucks ay ihuhulog sa koreo sa pamamagitan ng USPS sa mailing address ng magulang o tagapag-alaga na nakalista sa record ng paaralan ng bata. Maaaring ito ay ang nasa hustong gulang na nagsumite ng libre at pinababang presyo ng aplikasyon para sa pagkain para sa bata, o ang nasa hustong gulang na nakalista bilang pangunahing kontak sa sistema ng paaralan. Mangyaring makipagtulungan sa sinumang ibang magulang/tagapag-alaga at makipag-ugnayan upang suportahan ang bata kung saan nilalaan ang mga benepisyo.

14. Ano ang dapat kong gawin kapag nakuha ko ang aking SUN Bucks na card sa koreo? Sundin ang mga tagubilin na kasama ng iyong SUN Bucks na card at i-set up ang inyong PIN. Pagkatapos ay magagamit ang iyong card para bumili ng pagkain sa karamihan ng mga grocery store at farmer's market.

15. Paano ko babaguhin ang aking PIN? Upang palitan ang iyong PIN o matutuhan kung paano protektahan ang iyong mga benepisyo, i-download ang libreng ebtEDGE na mobile app o bisitahin ang www.ebtEDGE.com.

Kung ang inyong SUN Bucks na card ay nawala, nanakaw o nasira at kailangan mo ng kapalit na card, tawagan ang **FIS Customer Service Center** toll-free at **1-888-328-4292**.

16. Dapat ko bang punan ang isang aplikasyon kung nakatanggap ako ng paunawa na nagsasabing naaprubahan ang aking anak sa SUN Bucks para sa Tag-init 2024? Hindi, ngunit mangyaring basahin ang paunawa at ang kalakip na FAQs tungkol sa SUN Bucks. Kung may mga bata sa iyong sambahayan na nawawala mula sa iyong abiso sa pagiging kwalipikado, mangyaring makipag-ugnayan sa **SUN Bucks Customer Service toll-free at 1-888-975-SEBT(7328)**.

17. Susuriin ba ang impormasyong ibibigay ko sa aking aplikasyon? Oo. Maaari din naming hilingin sa iyo na magpadala ng nakasulat na patunay ng kinikita ng sambahayan na iyong iniulat.

18. Kung hindi ako kwalipikado ngayon, maaari ba akong mag-apply muli? Oo, maaari kang mag-apply anumang oras sa panahon ng SUN Bucks 2024 na bukas hanggang August 4, 2024. Halimbawa, kung ikaw o ang isang tao sa iyong sambahayan ay makaranas ng pagkawala ng sahod o mawalan ng trabaho, maaari mong piliing mag-apply muli at ang iyong anak ay maaaring maging karapat-dapat para sa SUN Bucks kung ang kinikita ng sambahayan ay bumaba sa ibaba ng limitasyon ng kita.

19. Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa desisyon tungkol sa aking aplikasyon? Mangyaring makipag-ugnayan sa **SUN Bucks Customer Service toll-free at 1-888-975-SEBT(7328)**.

FREQUENTLY ASKED QUESTIONS O MGA MADALAS NA MAITANONG (FAQs)
2024 SUN BUCKS (SUMMER EBT)

20. Maaari ba akong mag-apply kung ang isang tao sa aking sambahayan ay hindi a U.S, citizen? Oo. Ikaw, ang iyong mga anak, o iba pang miyembro ng sambahayan ay hindi kailangang maging isang U.S. citizens upang mag-apply.

21. Paano kung hindi palaging pareho ang kinikita ko? Ilista ang halaga na karaniwan mong natatanggap. Halimbawa, kung karaniwan kang kumikita ng $1,000 kada buwan, ngunit napalampas mo ang ilang trabaho noong nakaraang buwan at kumita lamang ng $900, ilagay ang iyong kinita na $1,000 kada buwan. Kung karaniwan kang nag-o-overtime, isama ito, ngunit huwag isama kung minsan ka lang mag-overtime. Kung nawalan ka ng trabaho o binawasan ang iyong mga oras o pasahod, gamitin ang iyong kasalukuyang kita.

22. Paano kung ang ilang miyembro ng sambahayan ay walang kinikita na maiuulat? Maaaring hindi makatanggap ang mga miyembro ng sambahayan ng ilang uri ng kinikita na hinihiling namin sa iyo na iulat sa aplikasyon, o maaaring hindi nakakatanggap ng kinikita. Sa tuwing mangyayari ito, mangyaring sumulat ng isang "0" sa patlang. Gayunpaman, kung ang anumang mga patlang ng kinikita ay naiwang walang laman o blangko, ang mga iyon ay mabibilang din bilang mga zero. Mangyaring mag-ingat kapag iniiwan na blangko ang mga field o patlang ng mga kinikita, dahil ipagpalagay namin na sinadya mong gawin ito.

23. Paano kung walang sapat na espasyo sa aplikasyon para sa aking pamilya? Ilista ang anumang karagdagang miyembro ng sambahayan at kinakailangang impormasyon sa isang hiwalay na piraso ng papel, at ilakip ito sa iyong aplikasyon.

24. Maaari ba akong mag-apply ng online? Oo! Hinihikayat ka naming kumpletuhin ang isang online na aplikasyon sa halip na isang papel na aplikasyon kung magagawa mo. Ang online na aplikasyon ay may parehong mga kinakailangan at hihilingin sa iyo ang parehong impormasyon tulad ng papel na aplikasyon. Bisitahin ang **sunbucks.dhs.hawaii.gov** upang simulan ang proseso ng online na aplikasyon o kailangang i-download ang papel na aplikasyon. Makipag-ugnayan sa the **SUN Bucks Customer Service toll-free at 1-888-975-SEBT(7328)** kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa proseso ng online na aplikasyon.

Pahayag ng Non-Discrimination: Ipinapaliwanag nito kung ano ang gagawin kung naniniwala kang hindi patas ang pagtrato sa iyo.

Alinsunod sa federal civil rights law at ng U.S. Department of Agriculture (USDA) civil rights mga regulasyon at patakaran, ipinagbabawal ang institusyong ito mula sa discriminating sa batayan ngrace, color, national origin, sex (including gender identity and sexual orientation), disability, age, o paghihiganti o paghigantihan para sa dating aktibidad na civil rights.

Ang impormasyon ng programa ay maaaring maging available sa mga wika maliban sa English. Mga taong may kapansanan na nangangailangan ng alternatibong paraan ng komunikasyon upang makakuha ng impormasyon ng programa (hal., Braille, large print, audiotape, American Sign

FREQUENTLY ASKED QUESTIONS O MGA MADALAS NA MAITANONG (FAQs)
2024 SUN BUCKS (SUMMER EBT)

Language), ay dapat makipag-ugnayan sa responsableng estado o lokal na ahensya na nangangasiwa sa programa o USDA's TARGET Center at 202-720-2600 (voice and TTY) o makipag-ugnayan sa USDA sa pamamagitan ng Federal Relay Service at 800-877-8339.

Upang mag-file ng isang programang reklamo ng discrimination, ang isang Complainant dapat kumpletuhin ang isang Form AD-3027, USDA Program Discrimination Complaint Form na maaaring makuha ng online sa: https://www.usda.gov/sites/default/files/documents/ad-3027.pdf, mula sa anumang tanggapan ng USDA , sa pamamagitan ng pagtawag sa 866-632-9992, o sa pamamagitan ng pagsulat ng isang liham na naka-address sa USDA. Ang liham ay dapat maglaman ng pangalan ng complainant's, address, numero ng telepono, at isang nakasulat na paglalarawan ng sinasabingdiscriminatory na aksyon na may sapat na detalye upang ipaalam sa Assistant Secretary for Civil Rights (ASCR) tungkol sa uri at petsa ng isang di-umano'y paglabag sa karapatang sibil. Ang nakumpletong AD-3027 na form o sulat ay dapat isumite saUSDA sa pamamagitan ng:

koreo:
U.S. Department of Agriculture
Office of the Assistant Secretary for Civil Rights
1400 Independence Avenue, SW
Washington, D.C. 20250-9410; or
fax:
833-256-1665 or 202-690-7442; or
email:
Program.Intake@usda.gov

Ang institusyong ito ay isang tagapagkaloob ng pantay na oportunidad.